Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 9 (2025)

# Kasanayang Panggramatika Sa Pagsulat Ng Akademikong Sulatin: Batayan Sa PagbuoNg Manwal At Website

Ma. Luisa A. Paralejas
Mindoro State University
paralejasmaluisa@gmail.com

Publication Date: September 6, 2025 DOI: 10.5281/zenodo.17169978

**Abstract**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kaalaman at kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral sa Baitang 12 ng HUMSS strand sa pagsusulat ng akademikong sulatin gaya ng replektibong sanaysay, posisyong papel, at talumpati. Gamit ang deskriptiv-korelasyonal at komparatibong disenyo, isinagawa ang pag-aaral sa apat na paaralan sa Distrito ng Victoria na may kabuuang 138 respondente, na napili sa pamamagitan ng stratified random sampling. Gumamit ng estandardisadong rubriks at iskalang hango sa patnubay ng Kagawaran ng Edukasyon upang sukatin ang antas ng kaalaman at kasanayang panggramatika, na tumuon sa wastong gamit ng balarila, estruktura ng pangungusap, pagkakaugnay-ugnay ng ideya, pagpili ng angkop na salita, at kawastuhan ng baybay at bantas. Lumabas sa resulta ng pagsusuri na may positibong ugnayan sa pagitan ng kaalaman sa pagsulat at kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral. Bilang tugon, binuo ang isang komprehensibong manwal at kaugnay na website bilang interbensyon upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. Ang mga kagamitang ito ay nakabatay sa mga makabagong teorya sa pedagogiya at teknolohiya, at layong paigtingin ang lohikal, kritikal, at mabisang komunikasyon sa loob ng akademikong konteksto. Ang pananaliksik ay may mahahalagang implikasyon sa pagbuo ng mga materyales at patakarang pang-edukasyon para sa mas epektibong pagtuturo ng gramatika sa Senior High School.

**Keywords***: akademikong sulatin, kasanayang panggramatika, manwal, website, interbensyong pedagohikal*

## INTRODUKSYON

Ang akademikong pagsulat ay hindi lamang teknikal na gawain kundi isang sistematikong proseso ng paglalahad ng ideya at pagbabahagi ng kaalaman. Ito ang nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makilahok sa diskursong pang-akademiko at mag-ambag sa larangan ng kaalaman. Sa konteksto ng *Senior High School*, ito ay nagsisilbing pundasyon upang malinang ang kritikal na pag-iisip, lohikal na pagpapahayag, at epektibong komunikasyon—mga kasanayang kinakailangan upang makapagtuloy sila sa mas mataas na antas ng pag-aaral at makasabay sa hamon ng makabagong lipunan.

Subalit, nananatiling hamon para sa maraming mag-aaral ang wastong paggamit ng gramatika. Ang gramatika ang nagsisilbing gulugod ng isang mahusay na sulatin sapagkat dito nakasalalay ang tamang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 9 (2025)

estruktura ng pangungusap, pagkakaugnay-ugnay ng ideya, angkop na pagpili ng salita, at wastong paggamit ng baybay at bantas. Sa kawalan ng kasanayan sa mga ito, nagiging mahirap para sa mag-aaral na makabuo ng malinaw at organisadong sulatin.

Ipinakita ng iba't ibang pag-aaral ang mahalagang ugnayan ng gramatika at akademikong pagsulat. Binanggit ni Gonzales (2019) na ang mahusay na pagsulat ay nakaugat sa kakayahang panggramatika na nagsisilbing batayan ng malinaw na komunikasyon. Dagdag dito, ipinakita nina Santos at De Guzman (2020) na ang kakulangan sa grammar ay nagiging hadlang sa lohikal na presentasyon ng ideya. Sa parehong direksiyon, tinukoy nina Flores at Luna (2018) na ang kahinaan sa grammar ay nagreresulta sa hindi pagkakaintindihan at kawalan ng organisasyon sa sulatin. Pinagtibay din nina Bernardo at Cruz (2021) na ang kahusayan sa grammar ay nakaaapekto sa kritikal na pag-iisip at sa pagsasaayos ng ideya. Pinatunayan ni Dela Cruz (2022) na ang mababang kasanayan sa grammar ay nagiging pangunahing dahilan ng kabiguan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng pormal na sulatin. Ipinakita rin nina Reyes (2020) at Misa (2018) na ang kahinaan sa grammar ay may negatibong epekto hindi lamang sa kumpiyansa ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa kanilang pangmatagalang akademikong pagganap.

Gayunpaman, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na tahasang sumusuri sa ugnayan ng kaalaman sa gramatika at kasanayang panggramatika sa konteksto ng Senior High School. Kadalasan, ang mga naunang pag-aaral ay nakatuon lamang sa pagsusuri ng isang aspeto ng sulatin at hindi isinasaalang-alang ang ugnayan ng kaalaman at kasanayan sa mas malawak na pananaw. Higit pa rito, kulang ang mga makabagong interbensyon at materyales na nakabatay sa ebidensiya upang matulungan ang mga mag-aaral na mapahusay ang kanilang kasanayang panggramatika.

Bunga nito, isinagawa ang pag-aaral na ito upang: (1) tukuyin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat; (2) suriin ang antas ng kanilang kasanayang panggramatika; (3) alamin kung may makabuluhang ugnayan sa dalawang baryabol; at (4) bumuo ng manwal at website na magsisilbing interbensyong pedagohikal. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang makapagbibigay ng mahalagang ambag hindi lamang sa teorya ng pagtuturo ng wika at pagsulat kundi pati na rin sa praktikal na aspeto ng pedagogiya at kurikulum.

## PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptib-korelasyonal at komparatibong disenyo upang mailarawan ang antas ng kaalaman at kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral at matukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Angkop ang disenyong ito dahil nakatuon ito sa pagsusuri ng relasyon ng mga baryabol nang hindi ginagamitan ng eksperimentasyon.

Ang mga respondante sa pananaliksik na ito ay ang 138 na Grade 12 HUMSS students mula sa apat na pampublikong paaralan sa Victoria District, Oriental Mindoro na binubuo ng Aurelio Arago Memorial National High School, Fortunato Perez High School, Macatoc National High School at Villa Cerveza High School. Pinili ang mga respondente gamit ang *stratified random sampling* upang matiyak na ang bawat paaralan at seksyon ay kinakatawan sa datos. Sa ganitong paraan, naging representatibo ang nakuhang datos at masasalamin nito ang iba't ibang konteksto ng mga mag-aaral sa distrito.

Ginamit sa pananaliksik ang *standardized rubriks* at iskalang hango sa *DepEd Teacher's Guide*. Nakatuon ang rubriks sa limang antas ng gramatika: wastong gamit ng balarila, estruktura ng pangungusap, pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya, pagpili ng salita, at baybay at bantas. Dumaan ang instrumento sa *content validation* ng tatlong eksperto sa larangan ng wika at pananaliksik upang matiyak ang pagiging angkop. Isinailalim din ito sa *reliability testing* gamit ang *Cronbach's Alpha* na nagpakitang higit sa 0.80 ang resulta, na nangangahulugang mataas ang antas ng relayabilidad ng rubriks.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 9 (2025)

Isinagawa ang pananaliksik sa tatlong yugto. Una, humingi ng pormal na pahintulot mula sa *DepEd* at sa mga punong-guro ng mga nasabing paaralan. Ikalawa, isinagawa ang pagsusulit na sumukat sa kaalaman ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Ikatlo, pinasulat ang mga respondente ng tatlong uri ng akademikong sulatin—posisyong papel, replektibong sanaysay, at talumpati—na siyang ginamit bilang batayan sa pagtataya ng kanilang kasanayang panggramatika. Ang lahat ng output ay sinuri at binigyan ng marka gamit ang inihandang rubriks, at ang mga datos ay tinipon para sa pagsusuri.

Ang nakalap na datos ay sumailalim sa pagsusuri gamit ang *descriptive statistics* gaya ng *mean, percentage,* at *frequency* upang mailarawan ang pangkalahatang antas ng kaalaman at kasanayang panggramatika ng mga kalahok. Gumamit din ng *inferential statistics,* partikular ng *Spearman rho correlation,* upang matukoy ang antas at direksyon ng ugnayan ng dalawang baryabol. Sa pamamagitan nito, nakamit ang mas sistematiko at masusing pagsusuri ng datos.

**RESULTA**

Ipinakita ng resulta ng pagsusuri na magkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral batay sa uri ng akademikong sulatin. Pinakamataas ang mean score sa replektibong sanaysay (7.46), na nagpapahiwatig ng higit na kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat na nakabatay sa personal na karanasan at pagninilay. Sinundan ito ng posisyong papel (7.22), na nangangailangan ng masusing lohikal na pagpapaliwanag at matibay na pangangatwiran. Pinakamababa naman ang resulta sa talumpati (6.33), na nagpapakita ng kahinaan sa paggamit ng retorika at pampublikong pagpapahayag.

Sa pagsusuri ng kasanayang panggramatika, lumabas na nasa katamtamang antas ang wastong gamit ng balarila, samantalang mahusay naman ang estruktura ng pangungusap, pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya, at pagpili ng salita. Sa kabilang dako, ang baybay at bantas ay nakitang magkahalong mahusay at katamtaman, na nagpapakita ng pangangailangan ng higit pang pagsasanay at pagpapalawak ng kaalaman.

Pinakamahalaga, lumabas sa *Spearman rho correlation* na may mataas na positibong ugnayan (rho = 0.817, $p < .05$) sa pagitan ng kaalaman sa akademikong pagsulat at kasanayang panggramatika. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapabuti sa grammar ng mga mag-aaral ay may tuwirang epekto sa kalidad ng kanilang akademikong sulatin.

**PAGTALAKAY**

Ipinapakita ng mga natuklasan na ang kasanayang panggramatika ay isang mahalagang salik sa matagumpay na akademikong pagsulat. Ang mataas na marka sa replektibong sanaysay ay nagpapahiwatig na mas may kumpiyansa ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng introspektibong uri ng sulatin. Sa kabilang banda, ang mababang resulta sa talumpati ay nagbubunyag ng kakulangan sa retorikal na kasanayan at pormal na presentasyon ng ideya, na nangangailangan ng masinsinang pedagogical intervention.

Ang mga resultang ito ay kaayon ng mga naunang pananaliksik. Pinagtibay nina Gonzales (2019) at Santos at De Guzman (2020) na ang kahusayan sa grammar ay pundasyon ng malinaw at lohikal na komunikasyon. Gayundin, tinukoy nina Flores at Luna (2018) at Bernardo at Cruz (2021) na ang kakulangan sa grammar ay nagreresulta sa mababang antas ng organisasyon ng sulatin. Ipinakita naman nina Reyes (2020) at Misa (2018) na ang kahinaan sa grammar ay may pangmatagalang epekto sa kumpiyansa at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

Sa pedagogical na perspektibo, ipinahihiwatig ng mga resulta ang pangangailangan ng mga *remedial program* at *peer mentoring* upang matulungan ang mga mag-aaral na may kahinaan sa gramatika. Sa antas ng kurikulum, nararapat na dagdagan ang mga gawaing pasulat na nakatuon hindi lamang sa nilalaman kundi pati na rin sa teknikal na aspeto ng gramatika. Sa larangan ng polisiya, dapat suportahan ng *DepEd a*ng paggamit ng mga makabagong interbensyon gaya ng digital manwal at *online platforms*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 9 (2025)

upang palawakin ang oportunidad sa pagkatuto. Sa instructional design naman, ang manwal at *website* na binuo mula sa pag-aaral ay nakikitang epektibong gabay para sa guro at mag-aaral.

Gayunpaman, nararapat ding kilalanin ang limitasyon ng pag-aaral. Nakatuon lamang ito sa apat na pampublikong paaralan sa isang distrito at sa strand na HUMSS, kaya't hindi nito lubusang nasasalamin ang kalagayan ng lahat ng Senior High School sa bansa. Hindi rin nito nasaklaw ang iba pang uri ng akademikong sulatin at larangan ng wika.

**KONKLUSYON**

Sa kabuuan, napatunayan ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ng Senior High School ay may katamtaman hanggang mataas na antas ng kaalaman at kasanayang panggramatika, at na ang dalawang ito ay may mataas na positibong ugnayan. Ang resulta ay nagbibigay-diin na ang pagpapalakas ng kasanayang panggramatika ay may tuwirang epekto sa pagpapabuti ng kalidad ng akademikong sulatin.

Ipinapayo ng pananaliksik na gamitin at ipalaganap ang manwal at website na binuo bilang interbensyong pedagohikal upang mas mapalawak ang oportunidad ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Inirerekomenda rin ang pagpapalawak ng saklaw ng pag-aaral sa iba pang distrito at strand, gayundin ang pagsasama ng makabagong digital tools bilang suporta sa mas makabagong pagtuturo ng gramatika at akademikong pagsusulat. Sa ganitong paraan, inaasahan na ang pananaliksik na ito ay makapag-aambag hindi lamang sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa pagpapayaman ng pedagogiya at kurikulum ng edukasyon sa bansa.

**MGA SANGGUNIAN**

Alsharif, M. (2021). Gamification as an Innovative Approach to Teaching Grammar. Journal Of Education and Learning, 10(2), 145–156.

Andam, M. (2006). School facilities and student performance: A review. *Philippine Journal of Education*, 12(1), 45–55.

Aranda, Ma. Rita R. (2010). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Goal Center, Publishing House Inc. Bulacan.

Armstrong, J.S. (2012). Natural Learning in Higher Education. Encyclopedia of the Sciences of Learning. Heidelberg: Springer.

Armstrong, P. (2018). Student-centered learning: A practical approach. Educational Innovations Journal, 12(1), 75–90.

Badayos, Paquito D. (2008). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika. Mutya Publishing House. Lungsod Valenzuela.

Bandril, Lolita T. at Villanueva, Voltaire M. (2016). Pagsulat sa Filipino sa Piling Larang (Akademik at Sining). Vibal Group, Inc. Lungsod Quezon.

Bandura, A. (1977). *Social Learning Theory*. Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hall.

Bathan, Jonhdel Boy D. (2018). Kasanayan sa akademikong sulatin sa Filipino sa Piling Larang – Akademik tungo sa Pagbuo ng Sariling Linangan Kit. Mindoro State College of Agriculture and Technology.

Bernardo, A., & Cruz, N. (2021). *Kasanayang panggramatika bilang salik sa akademikong sulatin*. Pananaliksik sa Wika at Kultura, 9(3), 61–74.

Brown, H. D., & Abeywickrama, P. (2017). The Effectiveness of Self-Assessment in Grammar Learning. Language Assessment Quarterly, 6(4), 302–317.

Castillo, M., & Perez, R. (2021). The Impact of Digital Platforms In Grammar Education. E-Learning Journal, 8(3), 112–127. https://www.researchgate.net/publication/380734414_The_Impact_of_Digital_Tools_and_Online_Learning_Platforms_on_Higher_Education_Learning_Outcomes.

Chang, C. (2016). Integrating technology in language learning. Asian Journal of English Language Teaching, 22(1), 5–21. https://www.researchgate.net/publication/326680545_Integrating_Technology_in_English_Language_Teaching_Global_Experiences_and_Lessons_for_Indonesia.

Chomsky, N. (1965). *Aspects of the Theory of Syntax*. Cambridge, MA: MIT Press.

Chomsky, N. (2015). The minimalist program. MIT Press.\

Cope, B., & Kalantzis, M. (2017). Multimodal learning for language education. Educational Media International, 44(2), 147–162. https://www.researchgate.net/publication/375972515_Multiliteracies_in_International_Educational_Contexts_Towards_Education_Justice.

Corder, S. P. (1967). The significance of learners’ errors. *International Review of Applied Linguistics in Language Teaching*, *5*(1–4), 161–170.

Decker, J. (2014). Orthography Development for Creole Language. (Doctoral dissertation, Harvard University).

Dela Cruz, J. M., & Santiago, R. L. (2020). *Mga suliranin sa pagsulat ng talumpati ng mga mag-aaral sa Senior High School*. Quezon City: Akademikong Press.

Delen, Mark Joseph P. (2016). Kakayahang panggramatika tungo sa Pagbuo ng Mungkahing Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino. Mindoro State College of Agriculture and Technology.

De-Laza, M. A. (2016). *Pananaliksik sa wika at panitikan*. Quezon City: Rex Book Store.

Department of Education. (2009). *DepEd Order No. 74, s. 2009: Institutionalizing Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)*.

Department of Education. (2012). *DepEd Order No. 31, s. 2012: Policy Guidelines on the Implementation of the K to 12 Basic Education Curriculum*.

Department of Education. (2015). *DepEd Order No. 8, s. 2015: Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program*.

Department of Education. (2018). *DepEd Order No. 13, s. 2018: Policy Guidelines on the National Assessment of Student Learning for the K to 12 Basic Education Program*.

Dooly, M. (2008). Collaborative language learning and teaching. Cambridge University Press.

Dooly, Melinda (2008) Telecollaborative Language Learning. A Guidebook to Moderating Intercultural Collaboration Online. P. 21-45 Verlag Peter Lang International Academic Publishers. Spain.

Ferris, D. R. (2017). Grammar training in academic writing: Contextualized approaches. Journal of Writing Research, 9(2), 89–103.

Flavell, J. H. (1979). Metacognition and cognitive monitoring: A new area of cognitive–developmental inquiry. *American Psychologist*, *34*(10), 906–911.

Flores, J., & Luna, R. (2018). *Ang papel ng wastong gramatika sa akademikong komunikasyon*. Talakay: Journal ng Panitikang Pilipino, 6(1), 23–34.

Gonzales, M. A. (2019). *Akademikong pagsulat sa makabagong panahon*. Manila: Phoenix Publishing House.

Graham, S. (2019). Writing skills and academic achievement in U.S. schools. *Educational Assessment Review*, 26(3), 215–230.

Gray, J. (2012). The Constructivist Approach in Language Teaching. International Journal of Pedagogical Innovations, 6(1), 54–72.

Hyland, K., & Hyland, F. (2013). Feedback in second language writing: Contexts and issues. Cambridge University Press.

Jackendoff, R. (2002). *Foundations of Language: Brain, Meaning, Grammar, Evolution*. Oxford University Press.

Jackendoff, R. (2012). Conceptual semantics and language structure. Oxford University Press.

Jakobson, R. (1960). Linguistics and poetics. In T. Sebeok (Ed.), *Style in language* (pp. 350–377). MIT Press.Labov, W. (1972). *Sociolinguistic Patterns*. Philadelphia: University of Pennsylvania Press.

Johnson, P. (2018). The Impact of Collaborative Grammar Training on Writing Proficiency. (Master's thesis, University of California, Berkeley).

Kagawaran ng Edukasyon. (2016). Filipino sa Piling Larang-Akademik, Gabay ng Guro. Pilipinas.

Kagawaran ng Edukasyon. (2016). Filipino sa Piling Larang-Akademik, Babasahin ng Mag-aaral. Pilipinas.

Kirschner, P. A. (2006). Cognitive load theory: Implications of cognitive load theory on the design of learning. *Learning and Instruction, 16*(1), 1–10. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2005.10.005

Klimova, B. (2020). The Impact of Grammar-Checking Software on Students' Writing Skills. Journal of Language and Education, 6(2), 55–64.

Online ISSN: 3082-5121
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 9 (2025)

Kukulska-Hulme, A., & Lee, H. (2020). Mobile-assisted language learning (MALL). Language Teaching Research, 24(1), 75–89.

Labov, W. (2014). The Language of Life and Death: The Transformation of Experience in Oral Narrative. Cambridge University Press.

Lee, J. (2018). Using contextualized grammar exercises to enhance writing skills. Language Teaching Innovations, 10(1), 115–130. https://www.researchgate.net/publication/360657882_Journal_of_Language_Teaching_and_Research

Lyster, R., & Saito, K. (2016). Corrective feedback in grammar instruction. Language Teaching Research, 20(4), 512–532.

Macalalad, Rudney F. (2022). Pamaraang Tanong-Sagot (TASA) sa Pagsulat ng mga Akademikong Sulatin ng mga Mag-aaral. Mindoro State College of Agriculture and Technology.

Mangurali, Debie T. (2017). Ortograpiyang Filipino sa Pagbuo ng Modyul sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat. Mindoro State College of Agriculture and Technology.

Malicsi, R. (2007). Gramatika sa Filipino: Isang rebyu. *Wikang Filipino Journal*, 9(2), 67–79.

Martinez, J. (2019). Bilingual education and grammar learning. Language and Education Journal, 19(2), 98–115.

May, K. (2004). Classroom size and instructional materials: Challenges in education. *Journal of School Administration, 15*(4), 78–85.

Mezirow, J. (1991). *Transformative Dimensions of Adult Learning*. San Francisco: Jossey-Bass.

Mishra, P., & Koehler, M. J. (2006). Technological Pedagogical Content Knowledge: A Framework for Teacher Knowledge. *Teachers College Record*, *108*(6), 1017–1054.

Olawale, S. K. (2013). The use of instructional materials for effective learning of Islamic studies. *International Journal of Education and Research*, 1(12), 1–10. https://www.ijern.com

Panaligan, Pauline Nerie A. (2018). Kasanayang Panggramatika: Batayan sa Pagbuo ng Sanayang Aklat sa Filipino. Mindoro State College of Agriculture and Technology.

Piaget, J. (1970). *Science of Education and the Psychology of the Child*. New York: Viking Press.

Piaget, J. (1972). The psychology of intelligence. Routledge.

Reyes, M. (2020). The Role of Grammar in Academic Writing. Journal Of Philippine Educational Studies, 15(2), 102–118.

Richards, Jack C. at Rodgers Theodore S. (2001). Approches and Methods in Language Teaching. Cambridge University Press. New York, USA.

Ramos, L. D. (2018). *Pagsusuri sa mga salik ng kahinaan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral*. Manila: Edukasyon Publishing.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 9 (2025)

Saglam, H. (2011). The role of instructional materials in effective teaching. *The Turkish Online Journal of Educational Technology*, 10(1), 89–94. https://www.tojet.net

Sahan, H. (2009). *Teacher competencies and student achievement: The role of teachers in developing learners' critical thinking and literacy skills*. Educational Research and Review, 4(2), 45–51.

Santos, A., & De Guzman, R. (2020). Innovative Methodologies for Enhancing Grammar Skills Among College Students in The Philippines. Philippine Journal of Educational Research, 14(1), 45–62.

Saussure, F. (2011). Course in general linguistics. Open Court Publishing.

Saussure, F. de. (1916). *Course in General Linguistics*. (C. Bally & A. Sechehaye, Eds.). New York: McGraw-Hill.

Searle, J. R. (1969). *Speech Acts: An Essay in the Philosophy of Language*. Cambridge University Press.

Selinker, L. (1972). Interlanguage. *International Review of Applied Linguistics in Language Teaching*, *10*(3), 209–231.

Sweller, J. (2019). Cognitive load theory and its application in grammar instruction. International Journal of Learning Sciences, 12(4), 299–315. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1287466.pdf

Sweller, J. (2019). *Cognitive Load Theory and Its Application in Grammar Instruction*. *Educational Psychology Review*, *31*, 261–276.

Sweller, J. (2019). Cognitive Load Theory in Practice: Applications to Instructional Design. Springer.

Tomlinson, Brian (2003). Developing Materials for Language Teaching. Cambridge University Press. New York, USA.

Villafuerte, Patrocinio V. at Bernales, Rolando A. (2008). Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika. Mutya Publishing House, Inc. Lungsod Malabon.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in Society: The Development of Higher Psychological*

Weaver, C. (2019). Teaching Grammar in Context: An Effective Approach to Academic Writing. (Doctoral dissertation, University of Michigan).

Weaver, C. (2019). Teaching grammar in context: Effective strategies. English Language Teaching Journal, 15(3), 187–205.